Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-APAT NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-25 NG ENERO, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ANTONIO B. DICTADO	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
3.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Kagawad
4.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
5.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
6.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
7.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
8.	Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO	- Kagawad
9.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
10.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
11.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

****

KAPASIYAHAN BLG. 14-'95
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Lijauco)

ANG KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA NATIONAL TELECOMMUNICATIONS COMMISSION NA MAPAYAGANG MAKAPAGTAYO (establish) MAKAPAG-HANAP-BUHAY (operate) AT MAPAMAHALAAN (maintain) ANG ISANG "WIRE/WIRELESS MULTI-CHANNEL TELEVISION SYSTEM" SA BAYAN NG SANTA ROSA, ANG CENTRAL CATV, Inc.

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ay tatlo (3) establisimyento ang napagkalooban ng Pamahalaang Bayan ng Santa Rosa ng kaukulang permiso upang makapagtayo at makapaghanapbuhay ng "CATV", ang ROYAL CABLE, DIAMOND CABLE at CENTRAL CATV;

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ay nagsisimula pa lamang ng paghahanapbuhay at napagkalooban ng pahintulot ng National Telecommunications Commission ay ang Royal Cable at walang anumang pagpapaunlad o pagawain ang Diamond Cable na nagpa-pahiwatig na sila ay may hangarin pang ipagpatuloy ang pagtatayo ng CATV sa bayan ng Santa Rosa sa kabila ng sila ay napahintulutan ng pamahalaang bayan noon pang Ika-4 ng Mayo, 1994;

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ang bayan ng Santa Rosa na itinadhanang isang "First Class Municipality" ay mayroong humigit-kumulang na 120,000 populasyon at binubuo ng humigit-kumulang na isang daang (100) subdibisyon bukod pa patuloy na pag-aanyaya ng kaunlaran dulot ng kagulat-gulat na pag-unlad ng bayan sa sektor ng idustrilisasyon, kaya't inaasahang ang pagtatayo ng negosyong "CATV" ay magiging kapaki-pakinabang;

Read by:

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SAPAGKA'T, inaasahang mapagbuti ang serbisyong binabayaran ng mga mamamayan kung mayroong malayang kompetisyon ang mga mamumuhunan sa bayan ng Santa Rosa;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang paghiling sa National Telecommunications Commission na mapayagang MAKAPAGTAYO (establish) MAKAPAGHANAPBUHAY (operate) at MAPAMAHALAAN (maintain) ang isang "wire/wireless Multi-Channel Television System" sa bayan ng Santa Rosa, ang Central CATV, Inc.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-apat na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-25 ng Enero, 1995.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim